

Isaisip Natin



Pagpapantig at mga Anyo ng Pantig

- Ang pantig ay ang bawat pagbuka ng bibig sa pagbikas ng salita.
Halimbawa: i - ni - la - bas Pi - li - pi - nas
- May iba't ibang kombinasyon ng mga pantig at katinig na bumubuo sa mga anyo o pormasyon ng pantig.

Naririto ang mga anyo o pormasyon ng pantig:

- P - (patinig)

Halimbawa: i - sa

o - ras



- PK - (pantig at katinig)

Halimbawa: ak - ti - bo

it - log



- KP - (katinig at patinig)

Halimbawa: ba - li - ta

ka - sa - ma

- KPK - (katinig, patinig, at katinig)

Halimbawa: dok - tor

pag - ta - ta - nim



- Mga pantig na may klaster o kambal - Katinig

- PKK - (patinig, katinig, at katinig)

Halimbawa: eks - tra

- KKP - (katinig, katinig, at patinig)

Halimbawa: pro - yek - to

- KKPK - (katinig, katinig, patinig, at katinig)

Halimbawa: dram trak

- KPKK - (katinig, patinig, katinig, at katinig)

Halimbawa: kard nars

- KKPKK - (katinig, katinig, patinig, at katinig)

Halimbawa: tsart trans - por - tas - yon

